SAKIT NA - Kailangan Mong Magpagamot Upang Gumaling

Ano ang TB?
Ang TB ay maikli para sa sakit na tinatawag na tuberkulosis. Nagagawa ng TB na umatake sa anumang bahagi ng katawan, pero ito ay pinakamadalas na umaatake sa mga baga.

Paano kumakalat ang TB?
Ang mga mikrobyo ng TB ay iwiniwisik sa hangin kapag ang isang taong may sakit na TB sa kanyang mga baga ay umuubo, nagsasalita, kumakanta, tumatawa o bumabahin. Sinumang nasa malapit ay makakalanghap ng mikrobyo ng TB papasok sa kanilang mga baga. Hindi ka mahahawa ng TB sa pakikipagkamay, paggamit ng mga baso o lagayan ng pagkain ng ibang mga tao, o mula sa mga upuan sa banyo.

Bakit ako may-sakit?
Ikaw ay may sakit na TB dahil ang mga mikrobyo ng TB ay nagsisimulang dumami sa iyong katawan. Puwede kang magkaroon ng sakit na TB sa iyong mga baga o ibang mga bahagi ng iyong katawan tulad ng bato, utak, o gulugod.

Ano ang mga sintomas ng TB?
- Ubong lampas na ng 3 linggo
- Mahina ang pakiramdam
- Nabawasan ng timbang
- Nilalagnat
- Umuubo ng dugo
- Pinapawisan nang labis sa gabi
- Nangangaligkig o giniginaw

Seryoso ba ang TB?
Oo, ang sakit na TB ay lubhang seryoso. Puwedeng bumuti ang iyong pakiramdam sa pamamagitan ng tamang paggamot. Nagagamot ang TB, pero kung walang wastong paggamot, maaari kang mamatay.

Paano ako gagaling?
Kung nagkaroon ka ng sakit ng TB, kailangan mong magpagamot. Ang sakit na TB ay ginagamot ng maraming gamot na magkakasabay na iniinom. Sa karamihan ng mga kaso, pinapatay ng mga gamot na ito ang mga mikrobyo ng TB sa iyong katawan.

Gaano katagal na kailangang uminom ako ng gamot?
Upang gumaling, iinumin mo ang iyong mga gamot ng hindi kukulangin sa 6 na buwan. May mga taong maaaring mangailangan ng gamot hanggang 2 taon.

Napakahalagang inumin ang lahat ng iyong gamot hanggang itinatagubilin ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

Ano ang puwedeng mangyari kung hindi ko iinumin ang aking mga gamot? Kapag hindi mo ininom ang iyong mga gamot nang wasto, ang iyong TB ay maaaring bumalik. Maikakalat mong muli ang mga mikrobyo. Maaari ring hindi na makayang patayin ng iyong mga gamot ang mga mikrobyo ng TB. Gagawin nitong napakahirap na gamutin ang iyong TB.

Paano ko matatandaang inumin ang aking mga gamot?
Kakausapin ka ng isang tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa isang plano sa pag-inom ng iyong mga gamot.
Maaari mong inumin ang iyong mga gamot sa pamamagitan ng Tuwirang Inoobserbahang Panlunas (Direct Observed Therapy (DOT)). Sa DOT, ang isang tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ay katabi mo kapag umiinom ka ng iyong mga gamot. Ginagawa ng DOT na madali para sa iyo na inumin ang mga pildoras para sa TB.

Pangalagaan ang iyong sarili, iyong pamilya at mga kaibigan laban sa TB. Tapusin ang paggamot sa iyong TB!

Kung ikan ag may katanungan tumawag sa Departamento ng Kalusugan o sa inyong doctor.

Text - TB Control and Prevention Program, Division of Disease Prevention, Virginia Department of Health 11/8/02
www.vdh.virginia.gov/epidemiology/DiseasePrevention/Programs/Tuberculosis/index.htm
This work is licensed under the Creative Commons AttributionNonCommercial-NoDerivs License
http://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/2.5/

A Healthy Roads Media project
www.healthyroadsmedia..org
TB Disease – Tagalog (Last Reviewed 10/2006)